

**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**  
**News and Information Bureau**

**INTERVIEW WITH PRESIDENTIAL SPOKESPERSON SALVADOR PANELO**  
**BY HENRY URI – DZRH**  
**March 23, 2020**

**URI:** Secretary Sal Panelo, magandang umaga po sa inyo.

**SEC. PANELO:** Maganda ka pa sa umaga, Henry.

**URI:** Okay, ito ho babasahin ko po muna sa inyo iyong tungkol po sa lumabas nga ulit na umano ay humihingi ng emergency power. Ito ho iyong nakasulat kasi, Secretary—

**SEC. PANELO:** Special powers, hindi emergency—

**URI:** *We are transmitting Presidential Proclamation No. 933 calling for a special session to authorize the President to exercise powers necessary to carry out urgent measures to meet the coronavirus disease national emergency pursuant to the provisions of Section 15, Article 6 of the 1987 Constitution. Ano ang paliwanag dito ng Malacañang? Ano ba itong hinihingi ito?*

**SEC. PANELO:** Unang-una, kung magsalita ka para kang abogado. Magaling kang magsalita, Henry. Pangalawa, alam mo iyang sinasabing mga powers, ano ba ang sinasabi sa Saligang Batas? Sabi sa Saligang Batas: Ang Pangulo sa panahon ng national emergency ay maaaring bigyan ng mga kapangyarihan ng Kongreso upang ipatupad niya ang declared national policy.

Ano ba ang declared national policy o ang pambansang patakaran na ipairal ngayon? Iyan ay upang pigilan ang pag-spread o paglawak ng coronavirus o ng sakit na nakakamatay.

So, lahat ng kailangan ng Presidente upang ipatupad iyan ay maaari niyang hingin; at kahit hindi hingiin, puwedeng ibigay ng Kongreso sa kanya upang ipatupad niya at maging matagumpay ang pagpapatupad ng declared national policy.

Now, number two, iyong Saligang Batas natin hindi binibigyan ang Pangulo ng absolute na kapangyarihan sa paggamit niyan. Sapagkat sinasabi rin ng Saligang Batas na limitado lamang ang kapangyarihan na maaaring ibigay sa kanya. Ang ibig sabihin, doon lamang sa panahon ng national emergency o pambansang problema natin sa ngayon. Hindi lamang limitado sa panahon, ang Kongreso ay puwede pa siyang bigyan ng mga restrictions, mga kondisyones na magagawa niya lamang iyan sa mga ganitong kalakaran.

So walang dapat na ipangamba, ikabahala ang ating mga kababayan, mga negosyante dito sa kapangyarihan na ito. Ito ay kailangan lamang upang ipatupad natin, upang isalba natin ang ating mga sarili sa nakaambang kamatayan na naririto sa ating kapiligan ngayon.

**URI:** Okay. So what exactly the powers the President or the Palace wants from Congress?

**SEC. PANELO:** Halimbawa—di gawin natin ng konkreto. Ang kailangan natin ngayon ay pera, kailangan tugunan natin iyong mga pangangailangan. Ayaw ni Presidente na may nagugutom sa panahon ng national emergency sapagkat hindi lahat ay makakapagtrabaho ngayon, mayroong mga tinatawag na ‘wage earners’ - ‘isang kahig, isang tuka.’ Pinaghahandaan ni Presidente iyon. Walang problema tayong mga salaried, kasi sweldo na tayo.

Pangalawa, iyong mga private companies naman, nag-alok na ng mga bonus at mga financial packages to help them, walang problema doon.

Pero pinoproblema ni Presidente iyong mga nagta-tricycle halimbawa, iyong mga karpintero, iyong mga electrician na nagtatrabaho sa araw-araw. Kung hindi ka magtrabaho, wala. Iyong driver ng taxi, iyong jeepney drivers, iyong mga iyan ay malaking bahagi ng populasyon, at iyan ang pinaghandaan ng Presidente. Mayroon tayong pera, ang problema ang pera natin ay national budget. Hindi mo puwedeng galawin iyon hanggat walang batas na nagbibigay sa iyo ng kapangyarihan na galawin mo iyon, kunin mo doon sa nakalagay ng (*unclear*) at ilipat mo dito sa pagpapatupad mo ng COVID. Kailangan iyon, realignment na ibibigay sa kanya ng Kongreso.

**URI:** Ano ang pagkakaiba nitong binabanggit mo doon sa emergency power na kinatatakutan ng ating mga kababayan?

**SEC. PANELO:** Alam mo kasi ang kinatatakutan ng—actually, hindi naman mga kababayan natin ang natatakot eh. Ang katotohanan niyan, ang talagang matatakot niyan, iyong mga negosyante natin; at nakausap ko na ang marami sa kanila. Kasi ang dating sa kanila, ite-take over ang mga negosyo nila – hindi po ganyan. Ang naiisip nila, iyong panahon ng martial law noong Marcos time – hindi po ganoon. Iyong gagawin lang ni Presidente—like mayroong binabanggit doon diumano na kukunin daw iyong mga hotels, hindi po ganoon—

**URI:** Iyong mga water companies, electric companies, telcos.

**SEC. PANELO:** Unang-una, sabi na nga ni Sotto, hindi ibibigay iyon. Sinasabi na ni Senator Sotto na wala silang ibibigay na kapangyarihan, so wala na iyon.

Pangalawa, like iyong sa mga hotels na sinasabi, hindi mangyayari iyon. Alam mo ba kung bakit? Nakakatuwang sabihin sa inyo na mga may-ari ng mga hotels ay inaalok iyong kanila, sapagkat mayroong sitwasyon, Henry, na halimbawa mayroong hotel na malapit sa hospital, iyong hospital natin napuno na ng mga pasyente at wala nang paglalagyan, kailangan natin iyong mga hotel na malapit sa atin. Iyong mga hotel na iyon ay nag-alok na puwedeng gamitin iyong sa kanila. Halimbawa, apat na hotel ni Edgar Cabangon Chua ang ibinigay niya na at iyong iba pa ay nag-aalok. So hindi na kailangan ang mga kapangyarihan, mismong tayo na kasi ang nag-aalok. Alam natin na nandiyan ang emergency, kailangan tayo ang magtulungan.

Iyon namang mga... like sabi ng iba, magti-take over ng mga factories or mga pharmaceutical companies – hindi rin po totoo iyon. Ang kailangan natin sa ngayon ay iyong manufacture ng testing kits, iyong manufacture ng mga medisina na kailangan natin. Iyong Unilab ay nag-alok na ng kanilang lugar, upang i-manufacture itong mga testing kits pagdating ng mga raw materials. Ganoon din iyong mga medisina, they are willing to manufacture kung anumang medisina. Sa madali't sabi, hindi mo na kailangan iyong mga ganoong kapangyarihan para—mapipilitan gawin iyon kung iyong national survival ay naka—

**URI:** Ang hinihingi, necessary power. Ibig sabihin—

**SEC. PANELO:** Correct!

**URI:** Ibig sabihin, ang magpapasya noon kung ano ang ibibigay sa Pangulo ay ang Kongreso.

**SEC. PANELO:** Ang Kongreso at limitado at may mga kondisyon.

**URI:** At ang sabi nina Senator Sotto, the Senate President, hindi nila ibibigay iyong emergency power, tama ba?

**SEC. PANELO:** Hindi ibibigay iyong sinasabi nilang kinakatakutan nila. Alam mo malinaw naman ang nakalagay sa batas eh. Ang sinasabi doon: *Powers necessary and proper to carry out the declared national policy; and the powers will be granted in a limited period and with restrictions as imposed by Congress.*

**URI:** So kung ibibigay ng Kongreso ito, kung halimbawa o granting for the sake of argument binigay nga iyong emergency power, ang nagkaloob nito ay Kongreso, hindi ito hiningi ng Malacañang, is that right?

**SEC. PANELO:** Correct! At hindi lamang iyan, si Presidente kung titingnan mo ang kanyang character bilang Pangulo ay hindi siya kara-karakang gumagamit ng kapangyarihan; ginagamit niya lamang iyon kung kinakailangan. Gaya halimbawa ng martial law sa Mindanao, ginamit niya iyon subalit wala kang narinig na nagreklamo na lumabag ang mga sundalo at mga pulis ng karapatang pantao sa Mindanao. Nag ilang taon tayong martial law, pero nasupil natin ang rebelyon, pero wala kang narinig na pang-aabuso.

**URI:** Okay, pero let's be specific here, Secretary. Anu-ano ba talaga ang kinakailangang kapangyarihan ng Pangulo na maipagkaloob ng Kongreso sa ngayon sa sitwasyong ganito lalo na itong napakapeligrosong sitwasyon ng COVID-19, Secretary?

**SEC. PANELO:** Alam mo ang pinakamahalagang kapangyarihan ay iyong realignment ng budget, iyon ang foremost kasi iyon ang kailangan natin, iyong pera. Iyon ang talagang kailangan na kailangan natin. Maraming magugutom kung wala tayong ibibigay na pagkain sa kanila; at wala kang pagkain kung wala kang perang ipambibili ng pagkain, ng mga food supplies.

**URI:** Iyong ispesipikong kapangyarihang iyon ay sapat na sa tingin ninyo?

**SEC. PANELO:** Sa tingin ko sa ngayon, iyon ang kailangan na kailangan natin. Eh kagabi nga kausap ko si Presidente, noong sinabi ko sa kanya, "Ang pangamba, Pangulo, iyong sinasabi nilang mag-takeover daw tayo ng mga factories." Alam mo sabi ni Presidente, "Ha? Takeover ng factories? Paano mo ite-takeover, sino ang magpapatakbo noon?" Doon lang sa sagot ng Pangulo, ano na kaagad eh.

**URI:** Anyway, Secretary, last point. Ano ang masasabi ninyo, lumabas sa iba't ibang media entity na emergency power daw ang hinihingi ng Presidente?

**SEC. PANELO:** Hindi, special powers para sa national emergency, iyon lang 'yun talaga. Pero alam mo, Henry, alam ko gusto mong gamitin ang programa mo sa isang napakahalagang bagay. Umikot kasi ako noong isang araw sa Marikina, ang napansin ko ay parang normal ang Marikina, normal in the sense na nakita ko sa grocery, bukas; ang supermarket, palengke, bukas; nakapila sa bangko, pero walang social distancing. Magkakatabi sila as in magkakatabi. So bumaba ako, Henry, tinanong ko, sabi ko, "Bakit po hindi kayo nagso-social distancing?" Alam mo ang sagot sa akin, "Eh ano po ba ang social distancing?"

Henry, mukhang hindi naiintidihan iyong ginagamit nating "social distancing." Kaya iyon eh gusto kong pag-usapan natin. Ang ibig lang pong sabihin ng social distancing, mga kababayan, kailangan ang agwat natin o ang layo natin sa katabi nating tao ay hindi bababa o kulang sa isang

metro. Bakit ka ninyo? Sapagkat tayo po, tayo bawat tao, tayo bawat isa sa atin ay may dala at maaaring nagdadala ng sakit na coronavirus.

**URI:** Well said, Secretary.

**SEC. PANELO:** Lumayo po tayo sa kapwa natin, kung hindi talagang kakalat iyan gaya ng nangyari sa Italy.

**URI:** Sige at uulit-ulitin natin ito. Secretary, maraming salamat. Permission to cut it off sapagkat nagsisimula na daw po iyong special session ng Kongreso.

**SEC. PANELO:** Sige, Henry, salamat din.

###

--

*News and Information Bureau-Data Processing Center*